# PANALO NA SI TULFO!
PAHINA 3

Publiko NEWS PUBLISHING
Impormasyon at Dokumentaryo
VOL.I NO.13 * NOBYEMBRE 6-12, 2023 * P20.00






# LIBRE, SUBSIDIZED NA MATRIKULA TINIYAK NG DBM

**MALAKANYAN, Maynila — Tinatayang 141,000 kuwalipikadong estudyante sa kolehiyo ang nakatitiyak na ng libre o subsidized na matrikula makaraang muling aprubahan ng Department of Budget and Management (DBM) ang pagpapalabas ng karagdagang pondo para sa Universal Access to Quality Tertiary Education – Tertiary Education Subsidy (UAQTE-TES) ng Commission on Higher Education (CHED).**

Nilagdaan na ni DBM secretary Amenah Pangandaman ang Special Allotment Release Order (SARO) na nagkakahalagang P3.84 billion para sa subsidiya.


"Tulad po ng lagi kong sinasabi, our youth are the torchbearers of our future. That is why it's important that we support them by developing their skills and uplifting their spirits. 'Yan din po ang marching order ng ating Pangulong Bongbong Marcos dahil alam niya ang kahalagahan ng edukasyon. So, on our part po, we will continue to help democratize access to quality education," pahayag ni Secretary Pangandaman. *(sundan sa pahina 2)*

# 'ILOG KO, TAPAT KO, LINIS KO' PROJECT NILUNSAD NI DELA CRUZ


Si Commissioner Albert Dela Cruz Sr. (OCADC)


**MALAKANYAN, Maynila — Bilang suporta sa 'Pasig Bigyan-Buhay Muli (PBBM)' project na pinangungunahan ni First Lady Marie Louise 'Liza' Araneta-Marcos, nilunsad ni Climate Change Commissioner Albert Dela Cruz Sr. ang rehabilitasyon ng estero sa harapan ng tanggapan ng Climate Change Commission (CCC) sa panulukan ng J.P. Laurel at Matienza street sa ilalim ng insiyatibong 'Ilog Ko, Tapat Ko, Linis Ko'.**

Magsisilbi ang rehab ng estero bilang pilot project na inaasahang isasagawa sa lahat ng mga estero, kanal at daluyan ng tubig patungo sa Ilog Pasig. Suportado ang proyekto ng Brother of Brave Maharlikan (BBM) Tigers, na itinatag ni Commissioner Dela Cruz, at Rotary Club of Makati Business District (RCMBD) sa pamumun ng charter president nitong si Ms. Marichelle 'Mache' Torres-Ackerman. *(sundan sa pahina 2)*



**Nagbabagang Performance.** Sadyang kinagliwan ng mga fans ang nagbabagang performance ng Latina-American singer na si Sabrina Claudia sa sikat na Samsung Hall. ***(buong artikulo nasa pahina 3)***

# MGA CYBER EXPERT SA GOBYERNO PINADADAGDAGAN NI CAYETANO



**SENADO, Lungsod Pasay — Hinihimok ni Senador Alan Peter Cayetano ang Department of Information and Communications Technology (DICT) na kumuha pa ng mga cybersecurity expert sa gitna ng serye ng insidente ng hacking at mga data breache sa mga website ng pamahalaan.** ***(sundan sa pahina 3)***

# JAPAN AT KOREA MAY AGAM-AGAM SA TUMATAAS NA TENSYON SA SCS
PAHINA 2

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com

EDITORIAL

# ENTREPRENEURSHIP

NAKAHANAP si ang pangunahing entrepreneurship advocate ng bansa na si GO Negosyo founder Jose Maria 'Joey' Concepcion III ng matibay na tagasuporta sa katauhan ni Vice President at education secretary **Sara Duterte-Carp[io para sa kanyang mungkahi na ibilang ang paksa ng entrepreneurhsip sa high school curriculum.**

Nakakaintrigang ideya itop, 'ika nga, subalit maaari itong magdala sa magandang kinabukasan at malalim na kaalaman para sa ating mag-aaral kaya nararapat lamang na pagpursigihang ipatupad ito.

Prinisinta ni Concepcion ang ideya nang makipagpulong siya sa pangalawang pangulo na kung saan pinag-usapan nila ang iba't ibang pamamaraan upang maituro sa ating kabataan ang mga entrepreneurship skills na magbibgay daan sa kanilang pag-asenso.

Dangan nga lang ay dedepende ang tagumpay nito sa kung paano ito isasakatuparan. Gayun man, masasabing 'sensible' ito para sa layunng mapaunlad ang ating bansa at ekonomiya.

Sa ilalim ng kasalukuyang K-12 system, ang isang estudyante ay gumugugol na ng 13 taon sa pag-aaral, at dahil sa oversupply ng ating labor market, ang apat-na-taong college degree ay kinokonsiderang prerequisite sa alin mang trabaho na may kalakip na 'above minimum-wage compensation'.

Pero gaya na rin ng pinunto ni Concepcion, ang ganitong katagal na pag-aaral ay nagiging pabigat para sa mga pamilyang Pilipino at sa karamihan nga ay mahirap abutin sanhi ng maliliit nilang income.

Maaaring nakatulong ang free tuition program ng gobyerno para sa mga estudyanteng nag-aaral sa mga state universities and colleges (SUC), subalit naging dahil din ito sa 'unintended consequences' ng overcrowding sa mga higher education institution, bukod pa sa ibang mga isyu.

Ang basic aspiration ng compulsory education system ay makapagbibigay ito sa bawat estudyantye ng sapat na kaalaman at husay para makakuha ng magandang trabvaho, o career na magbibigay ng disenteng pamumuhay.

Inasahan ang K-12 program na makakamit ang layunin ng ating education system na mapagkaloob ng mas maiinam na oportunidad. Samantala, ang panukalang entrepreneurship education ay maaaring maging positibong hakbang upang makamit ang mas mapapakinabangan kaalaamn mula sa ating basic education system.

PAYASO

# SINASAYANG NA TALENTO

Talent hits a target no one else can hit; Genius hits a target no one else can see.

— German philosopher Arthur Schopenhauer

MAYPAJO, Caloocan City — Sa budget discussions sa Senado, tinukoy ni Senador Rafael 'Raffy' Tulfo sa kabila ng mahabang panahon nang matapat na pagserserbisyo, maraming mga job order at contract of service (JOCOS) employee sa ating gobyerno ang hindi nabigyan ng regular status ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) habang marami ding mga undersecretary at assistant secretary sa nasabing ahensya ang nagpapasasa sa malalaking suweldo at mga benepisyo at pribiliheyo.

Ayon sa dating media man na ngayo'y isang mambabatas na, "napakaraming mga (contractual employee) sa DSWD hanggang ngayon (at) marami sa mga ito ang umabot na sa 15 taong paninilbihan subalit hanggang ngayon ay mga contractual employee pa rin.

Sa pagdinig ng Senate Committee on Finance na pinamunuan ni Senador Sonny Angara, inapila ni Tulfo kay DSWD secretary Rex Gatchalian ang kalagayan ng mga JOCOS para hilingin na kaawaan ang sila, sabay mungkahing baka puwede silang iregular ang empleyo.

Batay sa talaan, sa 37,000 mga DSWD employee, 8,336 ay mga JOCOS.

Mula rito, magugunita ang mga balitang sa Caloocan City Hall na nagsasabing binibiktima ang mga job order hiree ng pamahalaang lungsod ng ilang regular na regular na empleyado ng cash at accounting department na sadyang binibinbin ang suweldo upang mapilitang mangutang ang mga biktima sa mga loan shark na naglipana sa city hall.

Simpleng modus pero malaking pera ang nakukulimbat mula sa mga JOCOS na hirap na sa kanilang trabaho ay inaabuso pa ng ilang tiwaling kawani ng Caloocan City government.

Dito nasasayang ang talento ng mga kawaning inaabuso . . . ***(Cip D.C. Cabrera)***

# JAPAN AT KOREA MAY AGAM-AGAM SA TUMATAAS NA TENSYON SA SCS

**MAYNILA — Nagpahayag ng pagkabahala ang bansang Japan sa sinasabing 'pagtaas' ng tensyon s South China Sea (SCS) dahil makakaapekto ito sa kapayapaan at katatagan nito sa rehiyon.**

Ayon sa Japanese Embassy sa Maynila, nakadagdag sa tensyon ang "dangerous action" na naganap kamakailan at naging dahilan ng banggaan ng dalawang barko mula sa China Coast Guard at Pilipinas nitong nakaraang Oktubre 22, 2023.

"Japan believes that the issue concerning the South China Sea is directly related to the peace and stability of the region," wika ng embahada sa opisyal na pahayag.

Idinagdag nito na ang tensyon sa SCS ay "isang legitimate concern ng international community, kabilang na ang Japan."

"And thus Japan opposes any unilateral attempts to change the status quo by force as well as any actions that increase tensions in the South China Sea," sabi pa ng embahada.

Nagpahayag din ng agam-agam ang Embassy of South Korea sa Maynila ukol sa mga ulat ng banggaan sa pagitan ng mga barko ng China at Pilipinas sa bahagi ng SCS.

Saad ng South Korean embassy: "Unilateral actions that raise tensions in the South China Sea and threaten the safety of crew members."

"We reaffirm our support for peace, stability and rules-based order in the South China Sea, as an important international sea lane of communications, and for the freedom of navigation and overflight based on the principles of international law, including Unclos (United Nations Convention on the Law of the Sea)," dagdag nito.

Sa huli, hinayag ng Japanese embassy na ang Tokyo ay nananatiling tapat sa adhikain nitong panindigan ang rule of law sa karagatan at idiniin nito ang halaga ng inisyatibong mapangalagaan ang kayapaan sa gitna ng hindi pagkakasundo sa usapin ng mga teritoryo sa SCS batayu sa pandaigidgang batas.

Ipagpapatuloy umano ng Tokyo ang pagkakaroon ng kooperasyon sa international community tuylad ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) at Estados Unidos "para maprotektahan ang malaya, bukas at mapayapang karagatan." ***(Ed Dayot)***

# P22.98-B NILAAN SA HEALTH FACILITIES ENHANCEMENT PROGRAM NG DOH



MAYNILA — Sa gitna ng mga karanasan kamakailan at ongoing commitment nito sa healthcare reform sa bansa, naglaan ang Department of Budget and Management ng mahigit ₱22.98 bilyon para sa Health Facilities Enhancement Program (HFEP) ng Department of Health (DoH) na may layuning mapalawig ang mga healthcare standard sa buong bansa.

Ayon kay budget secretary Amenah Pangandaman, sumasalamin ang panukalang budget para sa FY 2024 sa pangako ng pamahalaan na mapalakas ang the fundamental pillars ng pambansang healthcare system. "With an allocated ₱22.98 billion, (the health department's) HFEP will continue to lead the way in scaling up the nation's healthcare facilities, a crucial aspect underpinning the realization of the Philippine Health Agenda (PHA)," pinunto ni Pangandaman. Sa nakalipas niyang FY 2024 Budget Message, binigyang-diin ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Romualdez Marcos Jr. ang halaga ng pagpapatibay ng health infrastructure ng bansa at tinukoy niya ang "pagpupursigi ng pamahalaan sa pagpapatibay ng government healthcare services para mapangalagaan ang kalusugan ng mamamayan at bilang paghahanda na rin sa darating na mga krisis sa kalusugan.

"By investing in state-of-the-art medical facilities, expanding healthcare access, and deploying healthcare professionals, we can provide high-quality care and respond effectively to any future health emergencies," wika ng punong ehekutibo. Nilinaw ni Pangandaman na abng kabuuang alokasyon para sa HFEP ay espesipikong nakadirekta tungo sa pagbubuo, pagppaangat at pagpapalawig ng mga government-run health care facility sa buong kapuluan. Gagagamitin din ito umano sa pagbili ng mga kagamitan sa mga ospital at mga medical transport vehicle.

"Prayoridad ang programa sa mga Universal Health Care (UHC) sites at gayun din sa mga Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAS), kasama ang upgrading ng mga essential facility para sa epektibong mga Covid-19 response measure at pagpapabilis ng mga ongoing project construction at equipage. ***(Noel Lontoc)***

# ILOG KO,...

MULA SA PAHINA 1

BAGO sa paglulunsad ng inisyatibo, pinagbigay-alam ng Unang Ginang ang kanyang mithiing mapanumbalik ang kagandahan ng Ilog Pasig makaraang iprisinta ng Inter-Agency Council for the Pasig River Urban Development, o PRUD, ang kanilang master plan sa restoration at rehabilitation ng makasaysayang daluyan ng tubig.

Ipinaliwanag ni Commissioner Dela Cruz, na isa ring biologist sa propesyon, pollution control specialist at environmental planner, na ang rehabilitasyon ng estero ay sisimulan sa pamamagitan ng bioremediation formula, na susundan ng filtration gamit ang reverse osmosis, na isang research invention ng mga Pilipinong siyentista na pinangngunahan niya at ni electro-magnetic engineer Bernardo Terrobias ng grupong International Inventors and Innovators for Sustainability (IIIS).

"Ito ay simula pa lang at pagkatapos ng water treatment maglalagay kami ng mga filtration machine na maglilins sa maruming tubig ng estero at magpapabalik ng buhay dito bilang isang ecosystem na makakasuporta sa biodiversity, kabilang ang mga isda at iba pang marine life," pinunto ng opisyal.

# LIBRE, SUBSIDIZED...

MULA SA PAHINA 1

WIKA ni Secretary Amenah Pangandaman: "Malaking bagay po ang free and subsidized tuition fee. Imagine, 'yung ipapambayad sa matrikula, maaari na lang ilaan ng mga magulang o ng working student sa iba pa nilang pangangailangan araw-araw gaya ng pagkain, pambayad sa kuryente, tubig, o panggastos sa pagpapagamot. This will lighten the burden on their shoulders. DBM will ensure that this program will continue to get the funding it rightfully deserves," dagdag ng kalihim.

Ang halagang inilabas ay ilalaan para sa mga babayaran ng CHED na iba't ibang Private Higher Education Institutions (PHEIs) sa mga munisipalidad at lungsod na walang State Universities and Colleges (SUCs) at Local Universities and Colleges (LUCs)' sa ilalim ng UAQTETES para sa Academic Year 2021-2022. Hanggang noong Disyembre 31, 2022, ang CHED-Higher Education Development Fund (HEDF) ay nasa P10.967 bilyon sa ilalim ng Automatic Appropriations.

Nauna na ring nagpalabas ang DBM ng halagang P799.098 milyon noong Pebrero 3, 2023 para sa iba't ibang programa at proyekto ng CHED at halagang P1 bilyon para sa pagpapatupad ng Student Monetary Assistance for Recovery and Transition (SMART) Program noong Agosto 29 2023. Bunsod nito, ang tinatayang balanse pagkatapos ng release noong Setyembre 29 ay nasa P5.33 bilyon.

Sa pakikipag-ugnayan sa CHED, ang kaukulang Notice of Allocation (NCA) ay maaaring hilingin sa pamamagitan ng pagsusumite ng Special Budget Request, kasama ang kumpleto at pare-parehong mga sumusuportang dokumento.

Ang Republic Act (RA) No. 10931, o mas kilala bilang ang Universal Access to Quality Tertiary Education Act ay "isang batas na nagtataguyod ng universal access sa de-kalidad na edukasyong tersiyaryo sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng matrikula at iba pang bayarin sa paaralan sa mga Unibersidad at Kolehiyo ng Estado, Lokal na Unibersidad at Kolehiyo, at state-run Technical-Vocational Institutions (TVIs), pagtatatag ng Tertiary Education Subsidy (TES) at Student Loan Program, pagpapalakas ng Unified Student Financial Assistance System para sa Tertiary Education."

Alinsunod sa batas, ang lahat ng estudyanteng Pilipino na mag-e-enroll sa mga kursong tungo sa bachelor's degree sa anumang State Universities and Colleges (SUCs) at Local Universities and Colleges (LUCs) ay hindi magbabayad ng tuition at iba pang bayarin sa paaralan.

Samantala, ang TES ay isang grant-in-aid program ng gobyerno na sumusuporta sa gastos ng tertiary education ng mga estudyanteng Pilipino na nag-enroll sa kanilang unang undergraduate-post-secondary program sa SUCs, LUCs, private HEIs, at TVIs. Ito ay isa sa mga pangunahing bahagi ng Universal Access to Quality Tertiary Education Act. "Creating a progressive change in our society can only be achieved if we start to believe in the capabilities of these young people," pagtatapos Sec. Pangandaman.

Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.

This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).

Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.

# MINIMUM WAGE SA ILOCOS TUMAAS NG P35

**MAYNILA — Itinakda ang bagong minimum wage sa Rehiyon ng Ilocos para sa mga establisimentong mayroon 10 o labis na kawani sa P435 kada araw, simula Nobyembre 6.**

Ang bagong minimum daily wage ay itinakda sa na mas mataas ng P35 kaysa sa dating P400 sa ilalim ng dating wage order na inilabas noong Mayo nang nakaraang taon.

Inaprubahan angh Wage Order RB 1-22 ng Regional Tripartite Wages at Productivity Board nitong Oktubre 10 subalit maipapatupad lang ito smakaraan ang 15 araw matapos na ma-pubish ito sa isang pahayagan.

Sa nasabing wage order, ang bagong minimum wage rate para sa mga establisimentong may 10 o mas mababang empleyado ay P402, mas mataas ng P30 mula sa dating rate.

Nakamit ang bagong minimum wage rates matapos na magsagawa ang board ng serye ng mga wage consultation at public hearing sa Vigan City sa Ilocos Sur, sa Dagupan City sa Pangasinan at sa San Fernando City sa La Union.

Pinangunahan ang board ni Department of Labor ang Employment (DoLE) regional director Exequiel Ronie Guzman bilang chairman, National Economic and Development Authority (NEDA) regional director Irenea Ubungen at Department of Trade and Industry (DTI) regional director Grace Falgui Baluyan, bilang vice chairmen, Ives Nisce at Salvador Poserio bilang mga management representative at sina Samuel Eslava at Catherine Pangan bilang mga labor representative.

Sa pagdetermina ng bagong minimum wage, hinayag ng board na kinonsidera sa kanilang desisyon ang gasutusin sa basic at prime commodities, tulad ng pagkain, elektrisidad, water utilities at mga produktong langis.

Kinonsidera din ang mga pagbabago sa ibang mga wage-related socioeconomic indicators, kabilang na ang Consumer Price Index sa rehiyon.

"After a thorough review and evaluation of the existing socioeconomic conditions in the region, the board unanimously agreed to adjust the prevailing daily wage rates of workers/employees in the private sector in the region to enable them to cope with the rising cost of living without impairing the viability of business and industry," pinaliwanag ng board. ***(Noel Lontoc)***

# GAMULMOL NA PAGTAAS NG SAHOD

**BAGONG BARRIO, Lungsod Kalookan — Iisa ang naging reaksyon sa ₱30 wage hike sa mga minimum wage earner sa Western Visayas na inaprubahan ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB).**

Karamihan ng labor at business sectors sa Negros Occidental ay sadyang hindi nasiyahan dito.

Ayon kay Wennie Sancho, secretary-general ng General Alliance of Workers Association (GAWA), ang pagtaas ay sadyang napakaliit.

Ani Sancho: "Dapat ₱50 ang naging pagtaas na mas malapit sa ₱55 daily wage hike na ipinatupad noong Hunyo ng nakaraang taon."

Sabi pa ng dati labor representative sa wage board: "Hindi sapat ang ₱30 kahit para sa tumaas na pamasahe ngayon. Hindi ito makakasabay sa mataas na presyo ng bilihin. Delayed din ang pagpapatupad ng wage order, dapat nga ay retroactive ito."

Gayun man, hinayag ni Sancho na hinbdi na sila maghahain ng pagtutol sa wage order dahil ang proseso umano ay "masyadong magastos na hindi makakayanan ng kahit ang management sector."

Samantala, inilarawan naman ni Frank Carbon, chief-executive-officer ng Metro Bacolod Chamber of Commerce and Industry (MBCCI), na ang wage order ng RTWPB ay "flawed" o may pagkakamali.

"The law on wage setting is flawed because it does not take into account the sales and productivity of businesses," pinunto ni Carbon.

"It should take into account the commensurate increase in sales brought about by labor's productivity."

Idinagdag pa nito na "nabigo ang Board na tignan din ang productivity ng business sector at maraming mga may-ari ng negosyo ang hindi makakayanang magbigayu ng taas-pasahod dahil hindi pa sila nakaka-recover sa pagkalugi sanhi ng pandemya ng Covid-19."

Kung ihahambing ang wage increase at inflation, para bang karera ng daga na kung saan ang una ay pilay at walang lakas. ***(Danny Singh)***

# MGA CYBER...

MULA SA PAHINA 1

Sa nakalipas na buwan, nagawang i-deface ng mga hacker ang mga website ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth), House of Representatives at Philippine Statistics Authority.

"Are there enough cybersecurity experts in the DICT and in government?" tanong ni Cayetano sa pagdinig sa Senado ukol sa usapin ng cybersecurity at e-governance.

"Because there will be funds to be provided for counterattacks, but there are not enough experts in government," pinunto ng senador, na chairman din ng Senate Committee on Science and Technology.

Ayon kay DICT Cybercrime Investigation and Coordinating Center deputy executive director Mary Rose Magsaysay, mayroong 55 mga eksperto sa hanay ng kanilang personnel, na ang karamihan ay mga cyber technologists na kanyang inilarawan na 'the best of the best'.

Gayun man, inamin din ni Magsaysay na hindi ito spata na manpower para sa kailangan cybersecurity ng mga ahensya ng gobyerno.

"Even if there are ICT experts, it's another issue of getting them into government because many of them go abroad and to the private sector,ani Cayetano.

Sumang-ayon dito si DICT spokesperson Renato Paraiso para suportahan ang obserbasyon ng senador na "ang kakulang ng mga expert ay dahil na rin sa sa disparity ng sahod sa pagitan ng mga kawani ng pamahalaan at yaong nasa ribadong sektor.

Tinukoy naman ito ni Cayetano bilang lehitimong isyu dahil madali aniyang ipirata ang mga mahuhusay na propesyonal para sa maganda o mas mataas na suweldo.

Sa hulki, hiniling ng mambabatas na magsumite ang DICT ng kanilang mga plano ukol sa usapin, kabilang na ang pagkuha ng mas marami pang mga cyber expert na magtatrabaho para sa gobyerno. ***(Ric Sakai III)***

# PAMBANSANG KOPONAN NG BASEBALL UMANGAT ANG RANGGO SA WBSC

**MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Ang Philippine national baseball team ay nasa ika-30 ranggo sa latest rankings ng World Baseball Softball Confederation (WBSC) at ayon sa website nito, batay sa latest standings, nakaiskor ang pambansang koponan ng 236 puntos, sa likod ng Sweden (271) at lamang sa Argentina (202).**

Kasalukuyang nangunguna ang Japan sa rankings sa puntos nitong 5,677, kasunod ang Estados Unidos na may 4,492 points at Mexico, 4,390 points.

Ayon sa Philippine Amateur Baseball Association (PABA), ang pag-angat sa ranggo ng ating koponan ay epekto ng pagtatapos nbito bilang ika-lima sa ika-19 na edisyon ng Asian Games na ginanap sa Hangzhou, China.

Nagsimula ng taong kasulukyan ang p[amabnsang koponan sa ika-42 na ranggo saka ito umangat ng anim na baytang sa ika-36 na puwesto bago nakamit ang posisyon nito ngayon.

Gumanda ang ranggo nito kasunod ng panalo sa pintong-bansang Baseball Federation of Asia (BFA) East Asia Cup na isinagawa sa Thailand nitong nakaraang buwan ng Mayo, na kung saan walang talo ito sa buong torneo.

"The Philippines began this year ranked #42 in the world for Men's Baseball. After winning the championship title in the BFA East Asia Cup we moved up to #36. Momentarily, we had moved down a few ranks but after our efforts in the [19th Asian Games], we have moved up further to 30th in the world!" ayon sa PABA.

Makaraan ang Asian Games, lalahok ang mga Pinoy sa ika-30 BFA Asian Baseball Championship, na nakatakjdang ganapin mula Disyembre 3 hanggang 9, 2023 sa Taichung, Taiwan. Pinunto ng WBSC na ang kampeonatong ito ay qualifying event para sa U-23 Baseball World Cup, na gagawin sa Shaoxing, China sa Oktubre sa susunod na taon, year, dahil na rin sa walang kompetisyon ng baseball sa Olimpiyada sa Paris, France ilang buwan bago ang World Cup. ***(Heidi Nicodemus)***

# WORLDCLASS AFP ANG NAIS NI PBBM

**SAN FERNANDO, Pampanga — Sa gitna ng panghihimasok ng China sa West Philippine Sea, pinangako ng ating mahal na Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Romualdez Marcos Jr. na ipagpapatuloy ipatupad ang mga programa at polisiya na magpapaangat sa ating Sandatahang Lakas (Armed Forces of the Philippines o AFP) para maging isa itong 'world-class force'.**

Sa tradisyonal na hapunan para sa AFP Council of Sergeants Major sa Malacañan, hinimok ng commander-in-chief ang hanay ng mga tauhan ng AFP na p[aigtingin pa ang kanilang pagtupad sa tungkulin dahil tinitiyak niya na sa ilalim ng kanyang administrasyon, ibibigay niya ang lahat upang magtagumpay sila.

Pangako niya: "Rest assured that we will remain steadfast in transforming and modernizing the AFP into a world-class force that is respected by its counterparts and is a source of national pride."

The chief executive noted the enlisted personnel's crucial role as "the backbone of the country's military force" by sustaining the success of defending and protecting the nation.

Binigyan din ng pagpugay at pagkilala ng punong ehekutibo ang mga enlisted personnel na bumubuo ng 90 porsyento ng mga sundalo at ang kanilang 'specialized abilities' na sumusuporta sa pang-araw-araw na mga operasyon at aktibidad ng AFP.

Pinahalagahan niya ang mga ito bilang krusyal na bahagi ng tagumpay ng Pilipinas sa kanilang pagtatanggol sa ating bansa: "It is, therefore, of utmost importance that we help each other and make sure that they all reach their fullest potential so that they become well-rounded soldiers." ***(JT Leonardo C. Santos)***

# SABRINA CLAUDIA BINIGHANI ANG PINOY FANS SA SAMSUNG HALL

**MAYNILA — Sadyang nabighani ang mga Pinoy fans sa ganda at husay ni American singer-songwriter Sabrina Claudia, na tubong Cubano at Puerto Rican.**

Nagtanghal si Sabrina sa kanyang maiden concert sa Pilipinas noong Oktubre 5 sa sikat na Samsung Hall.

Simula noong 2017, ang R&B artist, na kilala sa kanyang captivating vocals at sultry music, ay nakapaglabas ng maraming mga original hit, tulad ng 'Belong to You', 'Confidently Lost', 'Frozen' at 'Unravel Me'.

Bilang pangatlo sa R&B performer na nasa Insignia Concert Series, sinabayan nina DJ Butta B at R&B singer Jess Connelly ang opening act ni Sabrina Claudio na kinagiliwan ng mga manonood. Makaraang magliyab ang entablado sa kanilang performance, sinundan naman ito ni Jess Connelly para paigtingin pa ang antisipasyon ng pagtatanghal sa pag-awit niya ng 'Lock', 'Hooked/Lover' at ang kanyang latest singlena 'Heaven Sent'. ***(Genesis Pedrozo)***

# 'JOURNEY TO BETHLEHEM' PAPATOK SA TAKILYA

MAYNILA – Mabubuhay ang 'greatest story ever told' sa pinilakanmg tabing ngayong Kapaskuhan. Magbubukas sa Disyembre sa lokal na sinehan ang upcoming Christmas musical na 'Journey to Bethlehem', na pinagbibidahan nina Fiona Palomo, Milo Manheim at Antonio Banderas bilang Haring Herodes.

Muling isasalay ang buhay ng isang babaeng nabigyan ng malaking responsibilidad, isang lalaking nahahati sa pag-ibig at karangalan, at isang selosong hari na hindi titigil sa paghawak sa kanyang kapangyarihan.

Pero mayroong twist sa istorya.

Bukod dito, hinabi sa live-action Christmas musical adventure ang klasikang mga melodyang Pampasko sa retelling ng 'greatest story ever told' –ang salaysay ni Maria at Jose at ang pagsilang ni Hesus. Kakaiba ito dahil ang epiko ay ginawa ng malayo sa dating paggawa nito sa nakalipas.

Nasa direksyon ni Adam Anders at screenplay ni Adam Anders at Peter Barsocchini, ang p[roduksyon ay pinagtulungan nina Brandt Andersen, Adam Anders, Ryan Busse, Stephen Meinen, Alan Powell at Steve Barnett.

Makakasama nina Fiona Palomo, na gumanap bilang Maria, at Milo Manheim, bilang Jose, ang mga batikang aktor at aktres na sina Omid Djalili, Rizwan Manji, Geno Segers, MŌRI-AH, Joel Smallbone, Lecrae, Stephanie Gil at Academy Award nominee Antonio Banderas. *(Noel Lontoc)*



VOL.I NO.13 * NOBYEMBRE 6-12, 2023

Publiko

iP NEWS

PUBLISHING

PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.

## Wika ng Diyos

**Ang pagiging tamad ay nagdudulot ng kahirapan, pero ang pagiging masipag ay nagdadala ng kayamanan.**

**— Mga Kawikaan 10:4**

# HERBOSA PABOR SA PAGSASALIGAL NG PAGGAMIT NG MEDICINAL MARIJUANA




Si health secretary Teodoro 'Ted' Herbosa (Presidential Communications Office)

**BATASAN HILLS, Lungsod Quezon — Ikinatuwa ni Camarines Sur District II representative Raymund Villafuerte ang pagpabor ng Department of Health (DoH) sa ligal na paggamit ng cannabis oil o cannabidiol (CBD) para sa medicinal purposes.**

Kasunod ito sa pagsisimula ng dalawang komiteng Kamara de Representante na talakayin ang siyam na mga pending bill na naglalayong isaligal ang paggamit ng marijuana sa medikal na kadahilanan.

Kabilang sa mga nabanggit na pending bill ay ang House Bill 4208 na hinain ni Villafuerte na nagnanais na lumikha ng ahensyang mangangasiwa sa produksyon at pagbebenta para sa export ng CBD, na walang mga psychoactive property na siyang nagpo-produce ng "high effect" na kadalasang nararanasan ng mga gumagamnit ng marijuana.

Sa pagdinig ng Commission on Appointments (CA) sa ad-interim appointment ni health secretary Teodoro Herbosa noong Setyembre, naitanong Villafuerte ang kalihim kung sumusuporta siya sa ligal na paggamit ng cannabis oil para sa medicinal purposes.

"We are in favor of the legalization of medical use of marijuana and its products, your honor," tugon ni Herbosa at idinagdag pa na isusulong ng DoH ang ligalisasyon ng medicinal cannabis bilang polisiya.

Ikinatuwa n mambabatas ito dahil adhikain niya na maisabvatas ang panukala.

"Over 60 countries all over the world have already legalized medical cannabis. And I don't know why the Philippines is delaying this. What do the 60 countries know that we don't? The only news that I have read from these 60 countries is that (medical cannabis) is very beneficial, and secondly, their revenues have increased (from its medical use)," punto ng kinatawan ng Camarines.

BInigyang-diin nito na wala naman umanong napaulat na namatay o pagtaas ng krimen sa mga bansang isinaligal ang paggamit ng cannabidiol.

Gayun man, sinabi rin ng mambabatas na habang suportado ng DoH ang pagsasaligal ng medicinal marijuana, mayroon pa rin ilang opisyal ng kagawaran na tutol dito dahil maaari namang magbigay ng compassionate use permit sa halip na gawing batas ito.

HInayag naman ni Herbosa na kahit nagbibigay ang Food and Drug Administration (FD) ng ganitong uri ng permit, sadya pa ring mahirap na kumuha ng CBD kaya mas mainam na magkaroon ng batas ukol dito. ***(Noel Lontoc)***

# BBM TIGERS DADALO SA COP28 SA DHUBAI




**LUNGSOD NG CEBU, Cebu — Kasunod ng opisyal na accreditation ng Brotherhood of Brave Maharlika Tigers (BBMT) bilang international organization at bahagi ng mga non-government organization (NGO) sumusuporta sa climate change action plans ng bansa, inanunsyo ng grupo na magsasagawa sila ng BBMT Leaders International Conference sa Nobyembre 8, 2023 sa makasaysayang Manila Hotel sa Maynila.**

Inaasahang dadalo sa okasyon sina Panguong Ferdinand 'Bongbong' Romualdez Marcos Jr, Vice President 'Inday' Sara Duterte-Carpio, interior and local government Secretary Benjamin 'Benhur' Abalos Jr, presidential adviser on poverty alleviation Sec. Lorenzo 'Larry' Gadon, mga senador Christopher Lawrence 'Bong' Go at Maria Imelda Josefa Remedios 'Imee' Marcos, Philippine National Railway (PNR) chairman Mike Macapagal, ib pang mga opisyal ng pahamalaan at miyembro ng BBMT mula sa Taiwan, South Korea, China at Singapore.

Bilang bahagi ng NGO accreditation nito, binigyan din ng pagkilala ang BBMT upang dumalo sa ika-28 Conference of the Parties to the UN Framework Convention on Climate Change (COP28) na nakatakda mula Nobyembre 30 hanggang Disyembre 12, 2023 sa Expo City Dubai na may layuning pag-isahin ang mundo tungo sa kasunduan sa praktikal at ambisyosong solusyon sa mga problemang dulot ng climate change at global warming.

Sa paghahanda sa pagdalo ng grupo sa COP28, pinaalalahanan ni BBMT founder Climate Change Commissioner Albert Dela Cruz Sr. ang mga miyembro ng Brotherhood na tandaan ang kanilang misyon na "pagsulong ng isang balanse at malusog na ekolohiya alinsunod ritmiko ng kalikasan para sa kapakanan ng susunod na mga henerasyon at para sa Diyos, bayan at ekolohiya."

Kasalukuyang nasa Cebu si Commissioner Dela Cruz na kung saan dumalo siya sa taunang General Assembly at halalan ng Philippine Trial Judge League (PTJLI) bilang guest speaker sa Climate Justice, kasama sina VP Duterte-Carpio at ibang mga opisyal ng gobyerno at mga climate stakeholder mula sa publiko at pribadong sektor.

"In case, there is any other selfish motivation, the same will not work for the Maharlikang Kapatiran. Only time can tell and together (we will) write the great history of our Kapatiran ng mga Magigiting na Tigreng Maharlika," punto ni Dela Cruz. *(Tracy Cabrera)*

# GARIN, TATLO PANG OPISYAL KINASUHAN NG OMBUDSMAN SA SANDIGANBAYAN



**LUNGSOD QUEZON — Sinampahan ng kaso sa Sandiganbayan ng Office of the Ombudsman filed sina dating health secretary at ngayo'y Iloilo District I representative Janette Garin at tatlo pang iba dahil iligal na paggamit ng public funds.**

Sinampa ng Ombudsman ang kaso noong Oktubre 24, 2023, laban kay Garin, dating Department of Health (DoH) undersecretary Kenneth Hartigan-Go, Maria Joyce Ducusin na, batay sa charge sheet, ay officer in charge-director sa DoH sa time material ng kaso, at dating Philippine Children's Medical Center (PCMC) executive director Julius Lecciones.

Involved sa kaso ang P3,556,155,900 na, ayon sa charge sheet, ay kinuha mula sa 2015 MPBF at Fiscal Year 2014 General Appropriations Act.

Inilaan ang halaga para madagdagan ang budget sa Expanded Program on Immunization (EPI) ng health department.

"However, the said amount was instead used to purchase Dengvaxia vaccines which are not part of the EPI (. . .)," binanggit ng Ombudsman. ***(Noel Lontoc)***

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com